Katipunan

Volume 5
Issue 1 *Panitik ng Politik*

Article 12

6-1-2020

Mapanganib na Katha: Isang Rebyu ng Bato: The General Ronald Dela Rosa Story ni Adolfo Alix Jr.

Dangerous Work: A Review of Bato: The General Ronald Dela Rosa Story by Adolfo Alix Jr.

Jose Kervin Cesar B. Calabias
Pamantasang De La Salle, jose.kervin.calabias@dlsu.edu.ph

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/katipunan

Recommended Citation
Calabias, Jose Kervin Cesar B. (2020) "Mapanganib na Katha: Isang Rebyu ng Bato: The General Ronald Dela Rosa Story ni Adolfo Alix Jr.," *Katipunan*: Vol. 5: Iss. 1, Article 12.
Available at: https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol5/iss1/12

This Mga Rebyu is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archīum Ateneo. It has been accepted for inclusion in Katipunan by an authorized editor of Archīum Ateneo.

Mapanganib na Katha: Isang Rebyu ng *Bato: The General Ronald Dela Rosa Story* ni Adolfo Alix Jr.

Dangerous Work:
A Review of *Bato: The General Ronald Dela Rosa Story*
by Adolfo Alix Jr.

Jose Kervin Cesar B. Calabias
Pamantasang De La Salle
jose.kervin.calabias@dlsu.edu.ph

Tungkol sa May-akda

Nagtapos si Jose Kervin Cesar B. Calabias sa antas di-gradwado at gradwado sa Wika at Panitikan sa Unibersidad ng Pilipinas Baguio. Kasalukuyan siyang bahagi ng Kagawaran ng Panitikan sa Kolehiyo ng Arte Liberal ng Pamantasang De La Salle–Maynila, kung saan siya nagtuturo ng mga panitikan at sining ng Pilipinas at daigdig. Nakatakda siyang magsimula ng pag-aaral sa antas post-gradwado sa Hong Kong, sa ilalim ng PhD fellowship mula sa HKSAR Research Grants Council.

© Ateneo de Manila University

Bato: The General Ronald Dela Rosa Story. Idinirehe ni Adolfo Alix Jr., sa pagganap ni Robin Padilla. ALV Films at Benchingko Films, 2019.

Ang isang mainstream na biopic ay hindi kadalasang mapagkukunan ng anumang uri ng katotohanang hahanapin sa isang tao na ang buhay ay sapat nang "karapat-dapat" para sa posteridad ng isang pelikula. Habang ipinangangatwiran ng iba ang lawak ng pagkamalikhain at kalayaang isinasapraktika sa pagsasabuhay ng isang "adaptasyon," madalas na humihilig ang mga ito sa ganap na pagbabalewala sa usapin ng katotohanan. Ang pinakamasigasig na tungkulin kung gayon ay ang suriin ang mga suson ng kosmetika ng pinilakang-tabing hindi upang pawang tuklasin ang tunay na tao sa likod ng bravado, kung hindi upang mailahad ang dahilan para sa lahat ng pagsasakatha.

Ganito ang kaso para sa *Bato: The General Ronald Dela Rosa Story* na idinirehe ni Adolfo Alix Jr., na inilabas sa mga sinehan sa labis na kontrobersiya noong Enero 30, 2019. Sa nasabing taon, ang tunay na Ronald "Bato" Dela Rosa ay opisyal nang kadidato para sa pagkasenador at habang lumabas ang pelikula ilang linggo lamang bago magsimula ang mga kampanya para sa halalan, inikutan ng kaniyang tayang 92 milyon ang "Fair Election Act" sa kondisyong aalisin ang pelikula sa mga sinehan bago ang opisyal na pagsisimula ng pangangampanya. Maiisip ng isa na ang pelikula ay maaari sanang maging perpektong biswal na pamuno sa pag-akyat ni Dela Rosa sa kapangyarihan, at ito nga ang gumatong sa napakaraming kritisismong naibato sa pelikula bago pa man ito naipalabas. Subalit sa isang madaliang pag-Google ay makapagbibigay ng ilang artikulo na kontra dito, na marami pa sa mga ito ay kinukuwestiyon ang katapatan ng pelikula, ang nakalilito nitong kuwento, ang mga cliché na eksenang bakbakan, at ang mapagbantang politika sa likod ng kontrobersiyal nitong petsa ng pagpapalabas. Ang isa't kalahating star rating nito sa IMDB at mga larawan ng halos walang laman na sinehan sa mga pagpapalabas nito ay nakapagsasabi na sa atin na isa itong malaking kabiguan bilang isang pelikula at isang kasangkapan para sa ambisyon ni Dela Rosa. Ang kastiguhin pa ito lalo sa puntong ito ay labis-labis na.

Subalit ang sa tingin ko'y hindi nababanggit sa mga paghahatol na ito ay ang pagturol sa panganib na ipinopostura ng pawang pag-iral ng pelikulang ito. Hindi nagkaroon ng mataas na rating ang pelikula at maaaring hindi pa nga nito nabawi ang mga nagastos para dito, subalit ang posibilidad ng pagpapalabas nito matapos ang halalan ang nakapaglilikha sa pelikulang ito bilang isang pampalagian na aparatong totalitarian, na magpapatuloy sa paghalina sa pangkat ng mga manonood sa mga mapanganib nitong pantasya. May mataba nang lupa para mapagpalaguan ng mediokridad sa isang bansang ang panlasang pampelikula ay nagpapaumanhin sa katha sa tendensiya nitong itago ang pananagutan nito sa katotohanan. Umiiral ang mga pangit na pelikula dahil nakalulusot sila sa pagiging pangit at patuloy na naipapalaganap sa pamamagitan ng malikhaing pamimirata. Sa katunayan, napanood ko sa isang piniratang kopya ang pelikulang ito sa YouTube, may isang taon mula nang unang ipalabas. Sino ang nakaaalam kung ilan pang mga piniratang kopya ng pelikulang ito ang nalikha, naipapaikot sa maraming walang nakakabilang, at higit na nakapagpaparami ang bisa ng problematiko nitong kuwento?

Bagamat walang sinasabi sa atin ang pelikula na hindi pa natin nalalaman (i.e. ang mga politikong umaarteng action star, at mga action star na nagiging politiko, at ang kapwa pag-arte nang pangit sa kanilang mga propesyon subalit nananatili pa rin sa

© Ateneo de Manila University

kapangyarihan dahil sa bulag na pag-iidolo), ipinapalabas nito ang mga nakababagabag na realidad na higit na tatagal kaysa opisyal nitong pagpapalabas at mga pagpuna dito, na makikita sa mga karaniwang pag-uusap at maging sa higit na malaking iskema ng politika sa Pilipinas. Mahirap paniwalaang sa lahat ng pagkakatha at dramang mala-telenovela nito, ang pelikulang ito ay naging isang matalas na paalala ng mga katotohanan at realidad natin. Ang marami sa ating inakalang nakagawa ng higit na mainam na pasya sa pagtangging panoorin ang pelikulang ito ay hindi na mamali pa kaysa ngayon, bilang ang mga sandaling sinematiko nito ay nakapagpalaki sa mga pangit na kalbo nilang ulo sa bawat maling hakbang ng pamamahala sa krisis ng bansang ito sa panahon ng pandemya.

Isinusulat ko ang rebyu na ito habang ang Metro Manila ay nasa iba't ibang antas ng kuwarentenang pampamayanan, na kasalukuyan nang naging pinakamatagal sa mundo, at ang marami sa atin ay wala nang magawa habang arawang namamaltos ang gobyerno sa pandemya at waring nababalewala ang bawat maaaring solusyon. Sa kabila ng yaman ng mga cliché na pampolitika at hindi matigil na mga flashback sa kabataan ni Dela Rosa na nakalilitong umaantala sa kabuoang naratibo ng pelikula, ang isang nakahihindik na sandali sa krisis sa DaPeCol (Davao Penal Colony) ay nakababagabag sa katumpakan nitong paglalarawan sa sarili nating sitwasyong hostage sa kuwarentenas. Sa katotohanan, para akong napilitang upuan ang *Bato* sa palagiang pag-uulit habang ipinapalabas ang bersiyon nito sa gitna ng pandemya; nagbihis ang mga hambog na politiko at pulis bilang mga bayani ng kuwento samantalang ang mga tunay na biktima ay nananatiling dakip sa gaanupaman katagal. Sa labas, ang mga politiko, pulis, at mga opisyales ng militar ay patuloy na nagtatalo-talo base sa kanilang ego at kapusukan, at ang isang solusyon ay halos parating ibinibigay nilang nasa labas ng pagbabangayan, parikalang mula sa mga nasa frontline.

Ang nananatili pa ring hindi naidiriin sa lahat ng kaguluhan sa parehong pelikula at tunay na buhay ay ang hinggil sa pagbibigay-puri para sa mga nailigtas na buhay, habang ibinalot naman ang mga nasawi bilang sa kalooban ng Diyos, pawang pagkakamaling kleriko, o kasalanan ng biktima. Sa kaso ng pelikula, kahit pa sa presensiya ng maka-Diyos, may dalawang baril, hindi armado, at matapat na si Dela Rosa, na ginampanan ni Robin Padilla, higit na nakasandig ang hostage crisis sa pang-iinis sa mga hostage takers, sa pasigaw na pagmumura sa kanila sa pamumuno ng nakababagabag na eksaktong pagganap ni Efren Reyes sa puno ng lungsod ng Davao na si Rodrigo Duterte. Habang nagtatalo ang mga opisyales kung sino sa kanila ang may bayag para magpasimula ng pagsugod, isang nalilitong Dela Rosa ang sumusubok na unawain ang kaguluhan sa pananaw ng kaniyang moralidad. Langkap ang mga dramatiko at pilit na kalaliman mula sa mga flashback ng kaniyang pag-iyak dahil sa natapon niyang kaning-baboy sa kaniyang pagkabata, nailahad ang karunungan sa likod ng buong hostage crisis: "Huwag iiyakan ang mga bagay na puwedeng palitan." Saka tutungo sa milagrosong pagtakbo ni Dela Rosa sa pag-ulan ng mga bala, ligtas habang hinahabol ang isang hostage-taker na naging suicide bomber, na kinalaunang sasagipin ni Bato mula sa pagtalon nito mula sa gusali, ang isa niyang kamay nakakapit sa pasimano.

Habang nakaupo akong pinapanood ang sarili nating hostage crisis sa pagkakabukod-bukod, karahasan ang malinaw na nangingibabaw na tugon upang maibsan ang krisis ng isang pandemya na mula sa isang IATF na pinamumugaran ng parehong uri ng mga lalaki at pinamumunuan ng parehong mapagdura ng vitriol na Duterte. Ang tanging pagkakaiba ng krisis natin ay malayo pa ito sa katapusan, at ang buong lawak ng pinsalang sanhi nitong

© Ateneo de Manila University

tulak-macho na pamamahala sa krisis ng gobyerno ay hindi pa ganap na nakikita. Maaari kung gayon makapagtala kung paanong nagtapos ang 1989 Davao Hostage Crisis 31 taon na matapos mapaslang ang "Wild Boys of DaPECol," at pawang sampu mula sa labinlimang hostage lamang ang natirang buhay. Balot pa rin sa kontrobersiya ang interbensiyong militar at ang pasya nitong dumugin ang Davao Penal Colony, bagamat maaari pa sanang malutas ang krisis nang higit na mapayapa. May ilan pa ngang nagsasabing ang mga tama ng baril na pumatay sa ilang hostage ay hindi mula sa mga hostage-taker.

Subalit anupaman ang mahahalagang detalyeng hindi na isinama sa pelikula ay kinalaunang naging huling kaisipan, natabunan ng mga bisang pyroteknikal nina Dela Rosa at Duterteng lumalabas mula sa mga apoy, ang ating tambalang patriyarkiko ng walang pag-iisip na mga pasabog at pagmumura. Hindi na baleng ang aktuwal na presensiya ni Dela Rosa sa hostage crisis ay kataka-taka, o na ang wari debosyong Katoliko ni Duterte ay malayo mula sa realidad. Sa katotohanan, maraming taon matapos ang krisis ng DaPeCol, paninindigan ni Duterte ang kaniyang biro hinggil sa panggagahasa ("Mayor ang mauuna") sa isa sa mga napaslang sa insidente, si Jacqueline Jamill, isang Awstralyanong misyonero na namataang napaslang sa barilan sa pelikula. Malayong-malayo mula sa Duterte ng pelikula na galanteng inalok ang sarili niyang buhay para sa babaeng ito. At habang ang mga katotohanan at kasinungalinan ay nag-iiba-iba na ng anyo sa kabuoan ng pelikula, parati tayong binobomba ng isang Bato Dela Rosa na hindi pumapalyang sisihin ang sarili niya sa bawat maling bagay na nangyari, na mabisang nakapagpapabago sa kaniya bilang isang bayaning mesiyaniko. Hindi na bale sa mga namatay sa kaniyang pagkukunwaring kainosentehan. Nakalulusot ang isa dahil sa isang Davao na pinamumugaran ng mga rebelde at kaaba-abang kahirapan, ang kaniyang buhay ay binigyan ng awtomatikong pag-aproba ng alkalde nito.

O gayon ang nais ipapaniwala sa atin ng pelikula. Narito ang panganib sa ganitong tambalan: ang paternal na relasyon ng Duterte na nangingialam sa bawat pagkakataong makukuha niya sa mga panalangin ni Dela Rosa sa simbahan, nagbibigay ng payo kung paano maipawala ang pakiramdam ng pagkakasala sa mga mata ng Diyos na mahalay na naisasakatawan sa sistemang padrino na patuloy na gumagana sa pandemya. Ang subtext sa lahat ng sundalo at opisyales na nakalusot sa kanilang mga mañanita at iba pang paglabag sa mga protocol, mga pagpapahirap at pang-aabuso sa mga karaniwang mamamayan, at maging mga pagpatay na hindi napapansin sa krisis—ang lahat ng mga ito ay napapatawad dahil palaging nasa iyong tabi si Duterte/ang Duterte ng pelikula, habang taimtim mong pinagninilayan ang iyong walang pag-asa nang kahihinatnan, kung tutuosin. Si "Tatay Digong," ang mapagmahal na tawag na rin kay Duterte ng kaniyang mga tagasunod, ay ang parehong pigura ng ama na nakabantay sa likod ni Dela Rosa sa kaniyang mga tapat na pagmumuni, bagamat sa paglaho ng usok, ang mga mananatili sa kaniyang walang pakundangang rehimen ang palagi niyang magiging paboritong anak, maging gaano ka pa man kasugid na DDS.

Umakyat sa mga ranggo si Dela Rosa sa pamamagitan ng higit na marahas na pamamaraan. Naiiwan tayo upang maging ang kaawa-awang asawang si Nancy Dela Rosa, na ginampanan ni Beauty Gonzales, na nagkukunwaring ignorante sa laro ng pamahalaan, walang silbing nag-aalala kung ano ang mangyayari, kahit pa alam naman na natin talaga. At paanong hindi? Alam na natin ang nakataya sa pagtitiwala ng mga buhay natin sa mga pagkababasagin ng machismo at isang makinaryang totalitarian na palagiang sinisiguro ang kanilang kapangyarihan mula sa anupamang uri ng krisis. Walang itinitira ang mga

© Ateneo de Manila University

komedikong sandali sa pelikula para itago ang layon nito: para maisaganap ang isang kathang buhay ng isa sa mga pinakamapanganib na pulis sa bansa na nakalulusot sa mga karahasan habang ibinibida ang mga kilos na ito bilang bokasyon sa pamamagitan ng walang pakundangang pag-iwan ng kaniyang pagiging tao, ipinapalabas ang isa sa mga pinakamadaling simbolong pampelikula sa mundo: ang pagkakalbo ng ulo.

Tunay ngang may tukoy na manonood para sa ganitong uri ng kahibangan. Sila ay parating ang mga sumusunod at nagdiriwang sa mga walang pagsisising nagsipagtagumpay na naikuwadrong muli ang relihiyon at nabaliko ang kalikasan ng rebelyon para sa kanilang bentahe. Wala nang hihigit pang kasuklaman kaysa mga tagasuporta ng ganitong pelikula na patuloy na ibinibinbin ang kanilang hindi paniniwala at nabubuhay sa ilusyon ng korupsiyong nagbibihis kabayanihan. May pag-asa, gayunpaman, na sa kabila ng pagsasademonyo ng *Bato* sa mga rebelyong Islamiko sa Davao, ang mga pelikulang niroromantisa ang layuning rebelde tulad sa *Liway* (dir. Dakip Oebanda, 2018) ay nakaani ng higit na pagtangkilik kaysa lahat ng pinagsamang pagpapalabas ng *Bato*.

Anupaman, ang pelikulang ito ay naging isa nang arkibo ng mga mapanganib na katha at ang mga implikasyon ng ganitong uri ng likha ay kakatwang nakapagpapamalay sa akin kung paanong maging ang mga bagay na tila napakalayo mula sa posible ay maaari ngang mangyari sa mga hindi kapani-paniwala nating kondisyon sa kuwarentenas. Nagsanib na ang realidad at katha habang lumulusong tayo sa krisis na ito, at patuloy nating pagbabayaran ang hindi nasasabi, ang naikatha, ang ipinagdiriwang sa pagkalaki-laking box office na kabiguang ito habang nagsisimulang magbukas muli ang ating mga mundo. Gayunpaman, maaari tayong matuto mula sa mga kontradiksiyon ni Bato habang patuloy siyang humihingi ng kapatawaran para sa kung anumang nagawa niya mula simula hanggang katapusan ng pelikula. Magawa natin ito nawa nang higit na matapat at sa higit na mabuting dahilan habang nakikipagtunggali tayong mapanindigan ang katotohanan, sa paglikha ng mga tamang pelikula.

Isinalin ni Christian Jil R. Benitez

© Ateneo de Manila University